

## **DAPAT MAANGAS!!!!**

(Ana, Ori, Ryan and Jun-Jun)

Ako po si Ivan Burke M. Tan at ako'y nanggaling sa angkan ng mga TAN na nagmula pa sa probinsya ng Jolo, Sulu, at ako ang nahalal na presidente ng aming batch.

Narito ako sa harapan ninyo hindi bilang isang presidente ngunit bilang isang tagapaghatid ng mensahe, o mas mainam, bilang isang tagapagsalaysay ng kwento ng bawat isa sa amin.

Ngunit bago ang lahat, nais ko munang bumati ng magandang gabi sa inyong lahat:

Ang kagalang-galang na Senador ng Republika ng Pilipinas, Senador Antonio F. Trillanes IV

Ang pangulo ng Pamantasan ng Ateneo de Zamboanga University Fr. Antonio F. Moreno

Ang Dean ng Graduate School, Dr. Servando D. Halili Jr.

Ang aming minamahal na Dekano, Dr. Fortunato L. Cristobal

Kasama ng aming mga guro at mga propesor

Aming mga butihing magulang, mga kamag-anak, mga kaibigan

At sa mga kapwa kong graduates...

.. magandang gabi po sa inyong lahat at narito po ang aming kwento!!!!

Kami ay nagsimula bilang tatlumput-apat (34) na estranghero sa isa't-isa na iba-iba ang pinanggalingan... dahil dito, sari-sari rin ang aming kadahilanan kung bakit namin gustong maging isang mangagagamot. Ang iba ay may kamag-anak na doctor kaya nainspire na rin maging doctor, ang iba naman ay may hangarin na makatulong sa kapwa, sa iba ay isang childhood dream ang maging doctor, at ang iba

naman ay naakit sa katanyagan at magandang buhay na maidudulot ng pagiging duktor. Ngunit, anuman ang rason ng bawat isa ay hindi dapat husgahan.

Ang aming kagalakan ay nagsimula sa pagpasok namin sa ika-unang taon ng aming pag-aaral. Dahil iba-iba ang mga personalities ay nagkaron kami ng sari-sariling mga kabarkada. pero kung kami naman ay pinagsama-sama, kami ay united. Sa katuwinay parang hindi kaaya-aya na kami ay magsama-sama, dahil sa sobra ng aming pinaghalong ingay ay nagmimistulang palengke ang library. Sorry po Ma'am Liza.

Ang aming klase ay hindi pangkaraniwan, kaya nga masasabing unique ang aming institusyon. Wala kaming guro kung kami ay nagkklase kundi lahat kami ay guro ng isat-isa. Ito ay tinatawag naming PBL. Hindi po to laro, ang kahulugan po nito ay Problem-based learning. Eto pa, may tinatawag kaming SDL. Biro nga ng ibang estudyante ay ang kahulugan ng SDL ay "sleep deep learning". Hindi naman pwedeng ganito dahil wala kaming karapatang matulog hanggat 'di pa namin nakakabisado ang aming assignments or L.I.s. Mapapansin po siguro ninyo na mahilig kami sa acronym. Ang kahulugan ng SDL ay self-directed learning at ang L.I. po ay learning issue. Ano ang natutunan namin sa PBL at SDL? Ito ay ang maging independent sa pag-aaral at mahasa ang aming communication skills. Naniniwala ang aming institusyon na kami ay mature men and women kaya hindi na naming kailangan ng guro na magsasabi sa amin kung ano ang dapat naming matutunan. Kami na mismo ang maghahanap.

Hindi naniniwala ang aming institusyon na lahat ng kaalaman ay makukuha namin sa loob ng classroom. Iba pa rin ang riyalidad. Maraming nagsasabi na kami ay community doctors lamang. Hindi po totoo yan! Sino man ang nagmamaliit sa aming curriculum ay nag-commit ng malaking misconception. Having had our community exposure for the past 4 years, ito ang aming narealize...natuto kaming maging

humble, humane, at natuto kaming makipagkapwa-tao. Hindi biro ang community. Dito ay makakasalamuha mo ang iba't-ibang tao, mayaman man o mahirap, bata man o matanda, may ngipin or wala, mabait man o masama. Pinagmamalaki namin na kami ay community doctors dahil sa pagiging community doctors, kami ay mas naging mabuting mga tao.

Habang kami'y naglalakbay, pilit naming sinasagwan ang aming mga sarili, makita lamang ang "light at the end of the tunnel", ang kasabihan na pinasikat ni Dr. Mario Arciaga. Minu-minutong pagsusumikap ng pagkakaroon ng mataas na grado ay sinabayan ng pagpupursiging magkaroon ng mabuting relasyon sa mga pasyenteng nadaratnan. Ito ay maaring isa sa mga pinakamahalagang katangiang nakita naming sa institusyong ito: ang propesyong medical--- katalinuhan ng utak na sinabayan ng pagmamahal ng puso.

Hindi maikakailang napakalaking bagay ang ibinigay ng School of Medicine sa paglikha ng tamang asal at pakikitungo sa aming mga nakakasalubong sa propesyong ito. Nang dahil dito, ang apat na taong ibinuhos namin sa pagkamit ng mataas na edukasyon ay mas lalo pang nabigyan ng halaga. Hindi lang kami nagkaroon ng oportunidad na maging magaling na doktor, kundi kami'y tinuruan ding maging mabuting doktor—isang bagay na hindi namin mababalewala! Magaling na doctor, mabuting doctor!

Ang batch namin ay parang Voltes 5 at power rangers, mga tipong "never quit, never surrender". Parang tikoy at sapin-sapin, mga tipong "we stick with each other". Barkada kami, barkadang binubuo ng tatlumpu't dalawang tao. Barkadang nag-aaral, barkadang sumisikap, barkada na ang hangarin ay bigyang kaligayahan ang aming mga magulang.

Marami na rin ang nawala sa aming ka-berks. Hindi namin sila makakalimutan sapagkat sila'y naging bahagi ng aming mga buhay at ng aming mga tagumpay. Aming inihahandog ang araw na ito sa aming pinakamamahal na kaibigan na si Iden May Dagatan-Basilio. Iden, datapwat wala ka ngayon, walang makakahinto sa'min na maalala at mahalina ka. Marami na rin tayong mga paghihirap na dinaanan. Inaalay namin ang aming mga toga at medalya para sa iyo.

Marami ding sumapi sa aming mga hangarin na bigyang kulay ang medical school. At sa pagsapi nilang ito, natutunan nilang mahalina kami – mahalina ang aming ingay, ang aming mga kalokohan, ang aming mga “aral tayo sa library” at ang aming mga “aral tayo sa school hangang 12 midnight”. Classmates, salamat sa ating mga group study sessions na laging nahuhulog sa kain, chismis at tulog. Salamat sa mga kaibigan naming sina pareng Harrison's, Schwartz's, Guyton, William's, Snell's at iba pa. Kung hindi kayo nagsulat, wala kaming mababasa.

Hindi lang kame puro aral. Marunong din kaming gumimik, magkaraoke, kumain at magpicture-picture. Kilala niyo ba si “Paseo”? Siya ang aming meeting place! Si “food court” ang aming stress releaser, si “Ronald McDonald” ang aming hang-out area. Si “library” ang tagasunog ng aming mga kilay. Si “camera” ang aming documentor. Si “facebook” ang aming class announcer. Si “laptop” ang aming memory.

Marami ding nangyayari sa apat na taon naming pagsasama. Sabi nga nila, “Study first before entering the kingdom of LOVE.”. Kaya nga maraming nagkahiwalay, maraming nagkabalikan, maraming namuong pag-iibigan, may nanganak at may magpapakasal. Salamat sa mga problemang puso, nagkakulay pula na ang medical school.

Ang clerkship naman ay ang kulay ng rainbow. May red, orange, yellow, green, blue, indigo at violet.

Red para sa mga namatay at namatayan.

Orange para sa mga araw na walang tulog.

Yellow para sa sermon, luha at utos.

Green para sa late lunches, late dinner and no breakfast.

Blue para sa mga CPRs, intubations, catheter insertions and NGT insertions, at DDRs sa disoras ng gabi.

Indigo para sa kulang ng ligo, nangangamoy at sobrang napapawisan.

At violet para sa hospital na aming tinuring playground at second home.

Masaya pero mahirap ang buhay community. Challenging talaga! Walang TV, walang signal, walang kaligtasan, walang kuryente paminsan, at ang pinaka matindi sa lahat ay WALANG TUBIG! Kelangang mag-aral para sa Comprehensive exams, kelangang gumawa ng activity para sa community health plans, kelangang gumawa ng research, kelangang mag-duty sa RHU at hospital, kelangang maligo, matulog, magluto at kumain. Tanong niyo kung pano namin nalampasan ang mga ito? Simple. Ang mga tawa, halakhak, pagmamahal at ngiti ng bawat bata, dalaga, matanda, babae, lalake, magsasaka man o mangingisda, ang nagbigay sa amin ng motivation upang gumawa ng MAGIS. Doing more, doing the best, sharing our blessings of knowledge and wisdom to the people who really need it the most – our communities: TITAY, TAMPILISAN, KABASALAN AND ALICIA. Kayo ang rason kung bakit kami nakatoga, kung bakit kami ay may medalya, kung bakit tayo nandito.

Para sa batch na susunod sa amin, malapit na rin kayong matapos. Hindi namin inaadvise na tularan ninyo kami dahil you are unique in your own ways. Naniniwala kami sa inyo, na you will make the school prouder if not proud. Mas magaling kayo sa amin. Hindi namin kayo tuturuan kung anong dapat ninyong gawin dahil hindi ito ang adhikain ng insitasyon. Ang institusyon na ito ang nagturo sa atin

kung paano maghanap ng solusyon sa bawat problema. Ipagpatuloy nyo lang ang magagandang ginagawa nyo.

Ngayon, ituturn over na namin ang key of responsibility na ito sa inyo.

Sa kagalang-galang na Senador ng Republika ng Pilipinas, Senador Antonio F. Trillanes IV, isa pong malaking karangalan na kayo ang guest speaker sa aming pagtatapos. Parang dinestino kayo ng Diyos na makarating dito. Hinahangaan po namin kayo. Kami din ay nanindingan sa aming mga pinaniniwalaan at pinaglalaban. Alam nilang lahat yan. Alam ng school yan. Hindi kame marunong umatras sa laban. Tila Jose Rizal at Andres Bonifacio. Kinikilangan at pinoprotektahan ang bawat isa.

Ang pangulo ng Pamantasan ng Ateneo de Zamboanga Fr. Antonio F. Moreno, salamat at binigyan niyo kame ng pagkakataong maging magaling at mabait na doctor.

Ang aming minamahal na Dekano, Dr. Fortunato Cristobal, salamat, dahil kung wala kayo, wala rin ang Ateneo de Zamboanga University School of Medicine, at wala rin kami ngayon.

Sa aming mga guro at mga propesor, salamat sa gabay.

Aming mga butihing magulang, mga kamag-anak, mga kaibigan.

At sa mga kapwa kong graduates...

SALAMAT NG MARAMI...

LET'S ROCK AND ROLL GUYS \m/